

## **Pilas ng Impormasyon: Sakit sa Pamamaga sa Maraming Bahagi ng Katawan sa mga Bata (Multisystem Inflammatory Syndrome in Children, MIS-C)**

### **Ano ang sakit sa pamamaga sa maraming bahagi ng katawan sa mga bata?**

Ang sakit sa pamamaga sa maraming bahagi ng katawan sa mga bata (MIS-C) ay isang bagong kondisyon sa kalusugan na kaugnay ng COVID-19 na lumilitaw sa mga bata sa New York City (NYC) at iba pang lugar. Ang sakit ay dating tinawag na sakit sa pamamaga sa maraming bahagi ng katawan sa bata (pediatric multisystem inflammatory syndrome) o PMIS.

MIS-C ay tulad ng iba pang malubhang kondisyon ng pamamaga gaya ng [sakit na Kawasaki](#) at sakit sa biglaang pagkalason. Ang mga bata na may MIS-C ay maaaring magkaroon ng mga problema sa kanilang puso at iba pang bahagi ng katawan at kailangang tumanggap ng medikal na pangangalaga sa isang ospital.

Ang MIS-C ay isang bihirang kondisyon. Gayunman, dahil ang mga bata na may sakit na ito ay maaaring malubhang magkasakit, mahalaga na alamin ng mga magulang ang mga senyales at palatandaan sa kanilang mga anak na maaaring mayroon sila upang sa gayon makatulong sila kaagad.

### **Ano ang mga senyales at sintomas ng MIS-C?**

Karamihan sa mga bata ay may lagnat (temperatura na 100.4 degree F o 38.0 degree C o mas mataas) na tumatagal ng ilang araw kasabay ng iba pang sintomas.

Kasama sa iba pang karaniwang sintomas ang:

- Pagiging iritable o bumabang aktibidad
- Pananakit ng tiyan na walang ibang paliwanag
- Pagtatae
- Pagsusuka
- Pantal
- Conjunctivitis (pamumula ng mga mata)
- Mahinang kain
- Mga namumula, nagbibitak na labi o namumula, baku-bakong dila na mukhang strawberry
- Mga namamagang kamay at paa na maaari ring namumula

### **Kailan ko dapat tawagan ang doktor ng aking anak o kumuha ng emergency na pangangalaga?**

Tawagan kaagad ang doktor ng iyong anak kung may tuloy-tuloy na lagnat at anuman sa mga sintomas sa itaas ang iyong anak. Tatanungin ng doktor ang tungkol sa mga sintomas na mayroon ang iyong anak at gamitin ang impormasyong iyan upang magrekomenda ng mga susunod na hakbang. Kung malubhang may sakit ang iyong anak, pumunta sa pinakamalapit na emergency room o tumawag kaagad sa **911**.

### **Nakahahawa ba ang MIS-C?**

Ang MIS-C ay hindi nakahahawa ngunit maaaring may COVID-19 o iba pang impeksiyon ang iyong anak na maaaring nakahahawa. Ito ang dahilan kung bakit gagawin ng mga ospital ang mga hakbangin sa pagkontrol ng impeksiyon kapag ginagamot ang iyong anak.

### **May gamot ba para sa MIS-C?**

Sa kasalukuyan ang mga bata na may MIS-C ay ginagamot gamit ang iba't ibang therapy kasama ang mga medikasyon na inaasinta ang resistensiya at pagtugon sa pamamaga ng katawan. Maaaring tumanggap

ang mga bata ng iba pang medikasyon upang protektahan ang kanilang puso, mga bato at iba pang bahagi ng katawan.

**Paano ko maiiwasan na magkaroon ang aking anak ng MIS-C?**

Dapat mong gawin ang mga hakbang upang maiwasan ng iyong anak na mailantad sa COVID-19. Ang mga pantakip sa mukha, kalinisan sa kamay at pisikal na paglayo sa iba ay ang mga pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang COVID-19. Ang mga bata na may mga pangunahing medikal na kondisyon ay maaaring nasa mas mataas na peligro sa mga malubhang kahihinatnan ng COVID-19 na ginagawa ang mga hakbangin sa pag-iwas na mas mahalaga.

**Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon.**

5.18.20